**A N G B A Y A N**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *
*
VOLUME XXII Number 3 (English edition) MAY 1990

N I L A L A M A N

MAYO UNO: TANDA NG BAGONG IGPAW
SA KILUSANG MANGGAGAWA p. 1

SABWATANG US-AQUINO PARA PANATILIHIN ANG MGA BASE p. 2

148 ARMAS NASAMSAM, 200 TROPANG AFP
NAPATAY SA MINDANAW p. 5

MULING INILABAS ANG TALIBA NG BAYAN **p. 6**

DAANG LIBONG AKTIBISTA,
ISANG LIBO'T ISANG TUNGKULIN p. **7**

PUBLISHED BY THE CENTRAL COMMITTEE OF THE COMMUNIST PARTY OF THE PHILIPPINES

**Editoryal**

## MAYO UNO: TANDA NG BAGONG IGPAW SA KILUSANG MANGGAGAWA

Puno ng kahulugan ang pagkakapili ng kilusang manggagawa sa temang base, lupa at militarisasyon para gunitain ngayong taon ang Mayo Uno, ang Pandaigdigang Araw ng Paggawa.

Kinakatawan ng disisyong ito ang bagong antas ng kamalayan, kapasyahan at determinasyon ng kilusang masa ng manggagawa na ipaglaban ang mga saligang kahilingan ng bayang Pilipino. Pagpapatibay at pagpapatingkad ito sa makasaysayang papel ng uring manggagawa na pangunahan ang pambansa-demokratikong pakikibaka ng sambayanan -- isang rebolusyonaryong pakikibakang pinamumunuan ngayon ng partido ng uring proletaryado.

Ang Mayo Unong nagdaan ay isang makasaysayang resolusyon, hindi lamang para pagtibayin ang isang pangmahabaang komitment sa nasabing mga isyu, kundi para malinaw na ilugar sa unahan ng adyenda ng mga taktikal na pakikibaka ng masang obrero ang mga saligang kahilingang anti-imperyalista, antipyudal at antipasista.

Hindi ito nangangahulugang itinatabi na ng kilusang paggawa ang mga pangkabuhayang usapin at pakikibaka. Ang mga ito'y hindi maaaring isantabi sa buhay-at-kamatayang pakikibaka ng uring proletaryado laban sa mga uring mangangamkam. Sa harap ng di naglulubay na krisis pangkabuhayan, dapat patuloy na makipagpukpukan ang mga obrero sa naghaharing uri sa usapin ng sahod, presyo at tubo. Lamang, mula sa mga araw na ito, mas mahigpit nang ikakawing ang mga isyung pang-ekonomya at isyung pampulitika at mulat na dadalhin ang mga kahilingang pangkabuhayan alinsunod sa linya at programang pambansa-demokratiko.

Ang pagkilos ng Mayo Uno ay malaking bigwas din sa repormismo, dilawang unyonismo at panghahati sa uring manggagawa -- mga salot sa kilusang manggagawa na inihasik ng imperyalismong US at mga lokal na reaksyunaryo sa pamamagitan ng Trade Union Congress of the Philippines (TUCP), Federation of Free Workers (FFW), at Lakas ng Manggagawa Labor Center (LMLC). Tinangka ng mga aristokrata sa paggawa at mga sosyal-demokratang namamanginoon sa mga pederasyong ito na magsabog ng anti-komunistang paninira at magbandila ng huwad na demokrasya. Sa puntong ito'y nakipagsabwatan sila sa rehimeng US-Aquino. Sinikap din nilang idiskaril ang rumaragasang pakikibakang anti-imperyalista at antipyudal ng masang manggagawa sa pamamagitan ng labis-labis na pagpapatampok sa usapin ng sahod.

Pero nabigo ang mga pwersang ito. Sa kanilang "selebrasyon" ng Araw ng Paggawa, kakarampot ang kanilang natipon. Samantala'y mahigit 200,000 manggagawa sa buong bansa ang nagmartsa sa ilalim ng bandila ng saligang pagbabago at militanteng pakikibaka.

Sa pamamagitan ng aktibong pagtataguyod at pakikipaglaban para sa kahilingan ng uring manggagawa at buong bayan, lalong napapahigpit ang pakikipagkaisa ng masang manggagawa sa iba pang aping uri sa lipunan, laluna ang masang magsasaka at iba pang hanay ng anakpawis. Gayundin, ilang beses na napapalakas ang nagkakaisang prente para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

Sa aktibong pagtataguyod sa repormang agraryo at paglaban sa pananalasa ng "*total war*" sa kanayunan, nabibigkis ang pagkakaisang manggagawa-magbubukid, nailalapit ang masang manggagawa sa sandatahang pakikibaka at napapabilis ang daloy ng mga kadre at aktibistang manggagawa patungo sa armadong larangan sa kanayunan.

Sa militanteng pagpusisyon sa unahan ng mga makabayan at demokratikong pakikibaka sa kalunsuran, natitiyak ng kilusang masa ng manggagawa ang talas, lalim, at lapad ng mga pakikibakang bayan na nilalahukan ng intelihensya, mga maralita sa lunsod at iba pang makabayang mamamayan.

Ang Mayo Uno 1990 ay hudyat ng mas malakihan, mas militante, magigiting at nakakayanig na pakikibaka ng uring manggagawa sa dekada nobenta.

* * * * *

## SABWATANG US-AQUINO PARA PANATILIHIN ANG MGA BASE

Katatapos lamang ng unang yugto ng "*exploratory talks*" ng gubyerno ng Pilipinas at ng US tungkol sa kahihinatnan ng mga baseng militar ng US sa bansa. Sa kabila ng sarisaring kuskos-balungos, malinaw sa limang araw na usapan na hinahawan ng dalawang panig ang landas tungo sa pananatili ng mga base matapos ang taning na Setyembre 16, 1991.

Mangyari pa, pabalat-bungang iniabot ni Manglapus sa US panel ang *notice of termination* ng RP-US Bases Agreement. Pero matuling naghabol ng paliwanag ang gubyernong Aquino na handa pa rin itong makipagnegosasyon para sa isang bagong kasunduan.

Wala nang pruwebang lilinaw pa sa ganitong intensyon ng gubyerno kaysa mga larawan sa lansangan noong panahon ng "*exploratory talks*": mga duguang mukha ng anti-baseng demonstrador sanhi ng pambabatuta, mga lider ng kilusang anti-base na garapalang hinuhuli't ikinakarsel, mga demonstrasyong anti-base na marahas na binubuwag. Sapagkat kung ang gubyerno ay kasangga ng hanay ng mga lumalaban sa mga base, bakit gayon na lang ang pandarahas nito sa huli?

***Soberanyang may presyo***

Sa buong panahon ng "*exploratory talks*," kwarta ang naging sentro ng usapan. Sinisingil ng gubyernong Aquino ang US ng $200 milyon para sa taong 1990 alinsunod sa pangako ng huli sa ilalim ng Manglapus-Shultz Memorandum of Agreement ng 1988. Ang pakipot na ipinapahiwatig ng gubyernong Aquino ay ganito: Kung handa lang magbayad ang US, handa rin namang magpabayad ang rehimen.

Ang hinahabol ng rehimeng Aquino ay makakuha sa US ng pinakamalaking kompensasyon kapalit ng bagong kasunduan na magpapanatili sa mga base sa Pilipinas. Dito animo'y naging masalimuot ang pag-uusap sa pagitan ng dalawang panig. Determinado ang US na panatilihin ang mga baseng militar subalit hindi nito kayang palakihin pa ang ayuda sa gubyernong Aquino bunga ng kasalukuyang problema nito sa pananalapi at ekonomya. Nasabi tuloy ni Richard Armitage, ang puno ng US panel, na hindi siya nakikipag-usap na may katabing "*cash register*." Para na rin niyang sinabing mukhang pera ang gubyernong Aquino.

Hindi man lang nagpaabot ng pormal na protesta ang gubyerno sa gayong pang-iinsulto ni Armitage. At mas masaklap nito, nagawa pang matuwa ng Malakanyang nang mangako ang US panel na babayaran nito ang kakulangang $200 milyon -- sa anyo ng gamit nang mga kagamitang pang-militar at medikal at mga tulong na pagkain. Dito nagwakas ang kanilang pag-uusap.

Nagtakda ng pangalawang pag-uusap ang dalawang panel tungkol daw sa bagong tratado na sasakop sa mga usapin ng pakikipagkaibigan, pakikipagtulungan at seguridad sa pagitan ng Pilipinas at US. Isa itong pakulo na malamang na siyang pormal na magsasara sa sabwatang panatilihin ang mga baseng militar.

***Mga mapanlokong panukala***

Sa likod ng "*exploratory talks*," iba't ibang panukala ang ipinalutang ng sarisaring personahe't pwersang pampulitika kung ano ang

lalamnin ng bagong tratado.

Nariyan ang panukalang ekstensyon ng lima hanggang 10 taon na maaaring palugitan pa kapag nirepaso na ang tratado pagkalipas ng takdang panahon. Nariyan din ang "*gradual withdrawal*" o "*phase-out*" sa loob ng lima hanggang 10 taon na kinakatigan ng maraming pulitiko sa Kongreso't Senado. Pinakahuli itong ideya ng "*joint use*" sa mga base na ipinalutang ni Fidel Ramos, kalihim ng Depensa, noong Pebrero matapos ang pakikipag-usap kay Richard Cheney, kalihim naman ng Depensa ng US. Walang itulak-kabigin ang US sa mga ito dahil lahat naman ay naglalayong lokohin at hatiin ang mamamayan, at panatilihin ang mga base.

Isa lamang ang kahulugan ng lahat ng ito. Batid ng mga nagpapanukala na lumalakas ang pwersang anti-base sa bansa at ang rumaragasang agos ng panahon ngayon ay patungo sa paglalansag ng mga dayuhang base sa Pilipinas. Anupa't para salungatin ang ganitong tunguhin, nagpapanukala sila ng sarisaring remedyo.

Sa ngayon, tila maugong ang panukalang "*gradual withdrawal*" o "*phase-out*" at "*joint use*." Marami sa mga upisyal ng gubyernong Aquino ang nagpapahiwatig ng kanilang pagsang-ayon dito. At posible ring bumaligtad ng pusisyon ang ilang senador na sa simula'y tutol sa pananatili ng mga base.

***Mutwal na interes ng imperyalismo at rehimen***

Para sa US, ginagawa nito ang lahat upang manatili ang mga base. Paulit-ulit nitong sinasabing ang mga base ay para sa "*mutual interests*" ng US at Pilipinas.

Malinaw ang kahulugan nito para sa rehimeng Aquino. Mahaba pa ang anino ng "*persuasion flights*" na sumagip sa rehimeng Aquino sa bingit ng pagkatalo sa kamay ng paksyong militarista ng AFP noong Disyembre 1989. Napakalinaw ang mensahe nito sa naghaharing uri at laluna kay Aquino: kung gusto nilang matiyak ang patuloy na paghawak sa kapangyarihang estado, maaasahan nila ang baseng militar at lakas ng US. Lumalabas na ang kahulugan ng "*mutual interests*" ay mga interes ng imperyalistang US at naghaharing uri sa Pilipinas.

Puspusan naman ang pagkilos at pagpropaganda ng US at mga lokal na alipures nila sa Pilipinas upang pahinain ang kilusang anti-base sa Pilipinas.

Sa kabuuan, wala pang nakikitang malaking pagbabago sa kasalukuyang istratehikong plano ng US sa Asya-Pasipiko para magpahiwatig na aatras na ang US sa kanilang mga base sa Pilipinas. Wala pa ring pagbabago sa "*forward defense strategy*" na siyang lohika ng US sa paglalagay ng mga baseng militar sa Pilipinas sa layuning maipakita ang lakas militar nito sa Asya-Pasipiko.

### *Mga tagumpay ng kilusang anti-base*

Sa kabila nito, malayo na ang inabot ng kilusang anti-base sa Pilipinas. Maagang nahawakan at naituluy-tuloy ng mga pwersang anti-imperyalista ang inisyatiba at pusisyong opensiba sa mga dibate sa usapin at sa buong pakikibakang anti-base. Nagtatago na lamang ang masusugid na ahente ng US sa likod ng katwirang "*hindi pa tayo handa sa negatibong epekto sa mga nakatira sa paligid ng mga base kapag nawala ang base*" at "*magagamit ang upa sa base para bayaran ang dayuhang utang ng bansa.*"

Nakaiskor nang malaki ang protestang anti-base nitong nakaraang "*exploratory talks*."

Una, naigiit ng kilusan ang paninindigang makabayan. Sinasalamin ito ng islogang "*Ibigay ang Notice of Termination, lansagin ang baseng militar ngayon!*" Tinangkilik ito ng malawak na hanay ng mamamayan, kabilang ang mga sirkulo sa media, simbahan, akademya, organisasyong propesyunal, at ilang prominenteng lider negosyante.

Ikalawa, napilitan ang rehimeng Aquino na bigyan ng *notice of termination* ang US, bagamat gumawa ito ng palusot.

Ikatlo, higit na napasigla ang mga organisasyong masa at alyansa sa pakikibakang anti-imperyalista.

Ikaapat, nailagay ang pakikibakang anti-base sa unahan ng adyenda ng taktikal na pakikipaglaban ng kilusang manggagawa. Noong Mayo 1, Pandaigdigang Araw ng mga Manggagawa, tinatayang 200,000 mamamayan ang lumahok sa mga rali at martsa na idinaos sa Metro Manila at sa iba pang dako ng bansa tulad ng mga lunsod ng Angeles, Cebu, Tacloban at Davao. Sa harap ng pandarahas ng mga pwersa ng estado, isa sa mga isinigaw nila ang paglalansag ng mga baseng militar ng US sa bansa.

Ikalima, tinangkilik ng mga prominenteng lider-simbahan at sibiko at ilang myembro ng Kongreso ang anti-imperyalistang panukala ng NDF para sa kapayapaan. Sinuportahan ng maraming mamamayang naghahangad ng kapayapaan ang pahayag ng NDF na handa itong magdeklara ng tigil-putukan kung ipapahayag ng gubyernong Aquino na lalansagin ang mga baseng militar.

Ikaanim, ipinatimo ng mga tampok at piling atakeng militar laban sa US ang determinasyon ng rebolusyonaryong kilusan na patalsikin ang paghaharing imperyalista. Idiniin din niyon ang armadong pakikibaka bilang pangunahing paraan sa pagkakamit ng pambansang kasarinlan.

At ikapito, napalapad ang suporta ng mga pwersa, institusyon, organisasyon sa daigdig sa kilusang anti-base

sa Pilipinas. Halimbawa, idinaos ang pandaigdigang kumperensyang "Crossroads 1991" noong panahon ng "*exploratory talks*." Tema ng kumperensya ang kalayaan ng Pilipinas mula sa mga dayuhang baseng militar at sa mga mapamuksang armas nukleyar. Maraming delegado mula sa mga bansa sa Asya-Pasipiko, US at iba pang rehiyon ng daigdig ang dumalo at nagpahayag ng kanilang pakikiisa sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino laban sa baseng militar ng US at sa mga armas nukleyar.

***Pagpapatindi ng pakikibaka***

Pero napakalaki pa ang dapat habulin at kayurin ng pakikibakang anti-base sa mga rehiyong labas ng Kamaynilaan at Gitnang Luson (GL). Kahit sa Kamaynilaan at GL, kailangan pa ang mas masinsin, mas masigasig at mas organisadong kampanya sa hanay ng masa sa komunidad, pagawaan, plantasyon at minahan, at mga baryo sa kanayunan.

Dapat ding isinasaayos ang Makinarya ng ligal na alyansang anti-base at mga organisasyong masa sa kampanyang anti-base.

Kailangan ding higit na pinapatampok ang paggamit ng mga popular na anyo ng propaganda -- pulyeto, sining-biswal, sine at *cultural presentation* para mas malawakang mapukaw ang masa sa isyu ng baseng militar.

Nangangailangan din ng mas agresibo at mas mapanlikha pang pagkilos sa hanay ng mga kongresista at senador, mga lider ng simbahan, mga negosyante't propesyunal, media at akademya, at sa mga pwersa sa labas ng bansa.

Nitong nakaraan, ang pagsisikap ng rebolusyonaryong kilusan, ay pangunahing nakatuon sa larangan ng propaganda-edukasyon. Mula noong "*exploratory talks*," pumasok na ang pakikibakang anti-base sa mga taktikal na pakikipaglabang dapat ipagwagi. Nangangailangan ito ng mas depinidong pagtatakda ng mga layuning taktikal at mahusay na pagkokombina at koordinasyon ng iba't ibang porma ng pakikibaka at organisasyon.

Pagpasok sa yugto ng negosasyon, kailangang pinapatindi ang pakikibakang anti-base sa pamamagitan ng mahusay at mahigpit na pagkokombina, koordinasyon at sinkronisasyon ng mas abanteng porma ng pakikibakang masa, atakeng militar, pakikibaka sa arenang parlamentaryo, gawaing alyansa at gawaing diplomatiko.

Ang kahulugan nito para sa bawat kasapi ng rebolusyonaryong kilusan ay ang pagbubuhos ng lahat ng makakaya sa pagsusulong ng pakikibakang anti-base.

Totoong kung ibabatay sa kakayahang pulitiko-militar ng kilusang rebolusyonaryo at kilusang anti-base, hindi pa nito mapapa-

talsik ang mga baseng militar, at laluna ang buong sistema ng imperyalistang dominasyon.

Ngunit kakayanin nitong ihiwalay sa panibagong kasukdulan ang baseng militar at ang US, pahinain nang malaki ang lakas at impluwensyang imperyalista sa bansa, at isanib ang mga tagumpay na ito sa kabuuang pagsulong ng digmang bayan tungo sa pagbabago ng balanse ng pwersa sa bansa pabor sa rebolusyon.

*Opensiba ng NPA sa unang kwarto ng `90*

## 148 ARMAS NASAMSAM, 200 TROPANG AFP NAPATAY SA MINDANAW

Sa unang apat na buwan ng 1990, umani ng tagumpay ang armadong pakikibaka sa Mindanaw. Ayon sa mga koresponsal ng **Ang Bayan** sa isla, nakasamsam ang Bagong Hukbong Bayan (NPA) ng 148 matataas na kalibreng armas at nakapatay ng may 200 myembro ng AFP at CAFGU.

Nasamsam ang nasabing mga armas na kinabibilangan ng apat na masinggang M60 sa 23 taktikal na opensiba ng mga gerilya mula Enero hanggang Abril. Ilan sa mga opensibang ito ang mga sumusunod:

Sa Surigao Sur, nilipol ng NPA ang kalahati ng platun ng PC sa 30 minutong labanan sa Bgy. Bayan, Marihatag noong Abril 18. Nagsimula itong tinutugis ng mga sundalong PC mula sa 426th Coy ang isang yunit ng NPA, ngunit nabaliktad ng NPA ang sitwasyon at ginapi ang mga pasista. Malubhang nasugatan ang pinuno ng platun na si Tin. Orgunto Dirampaton.

Sumaklolo ang isa pang yunit ng PC sa pamumuno ni Kapt. Elias Peralta, hepe ng 426th PC Coy. Ngunit inambus ito ng *blocking force* ng NPA. Marami pa ang napatay kabilang na si Peralta.

Lahat-lahat, di kukulangin sa 22 ang napatay na tropa. Nakakumpiska rin ng 25 malalakas na riple at maraming bala.

Sa Zamboanga del Sur, inambus ng NPA ang isang kumpanya ng pinagsanib na pwersa ng 55th IB ng Phil. Army at CAFGU sa Tambulig noong Pebrero 4. Ayon sa ulat ng koresponsal ng **AB** at tagapagsalita rin ng Radyo Monterosa sa Kanlurang Mindanaw, napatay ang 14 na kaaway at nasugatan ang marami. Nasamsam ang walong malalakas na armas (isang M60, dalawang M14, tatlong M16 at dalawang Garand), mga bala at 22 pak.

Dahil sa pagkatalo, gumanti ang kaaway sa taumbayan. Ilang araw pagkaraan ng ambus, naglunsad ng operasyon ang AFP sa kabukiran ng Tulwan, Lumana at Sibuyan sa Tambulig. Sinunog ng mga pasista ang mga bahay at alagang baka't baboy ng mga magsasaka. Maraming sibilyan sa mga karatig-baryo ang tinortyur ng mga myembro ng CAFGU.

Ang mga pang-aabuso ng militar ang nagtulak sa mga mamamayan ng barangay Tambulig para maglunsad ng kilos-protesta sa harapan ng mga ahensya ng gubyerno't militar.

Sa Timog Mindanaw, inambus ng mga pulang gerilya ang pinagsanib na tim ng PC at CAFGU sa Tanguile, Boringot sa Monkayo, Davao del Norte noong Pebrero 12. Napatay ang dalawang myembro ng CAFGU at isang sundalong nakatalaga sa Yellow Detachment ng PC sa minahan ng Boringot. Ang Boringot ay isang "*gold-rush area*" sa Davao na pag-aari ng malalaking negosyante at dayuhang kapitalista. Ginaguwardyahan ito ng AFP.

Sa Davao del Sur, inambus ng NPA ang pinagsanib na pwersa ng PA at CAFGU na pumapatrulya sa Bgy. Sanghay, Sta. Cruz noong Marso 24.

Ayon sa pag-uulat ni Ka Benzar Sarabia ng Merardo Arce Command ng NPA, may 14 na tropang kaaway na napatay at tatlong myembro ng CAFGU na sumuko. Nakasamsam ang NPA ng 18 armas na may mataas na kalibre.

Sinabi sa ulat na ang matagumpay na ambus ay dahilan sa isinagawang paniniktik ng masa sa kilos ng mga sundalo ng AFP sa lugar.

## MULING INILABAS ANG TALIBA NG BAYAN

Nitong Marso, muling inilabas ang **Taliba ng Bayan**, rebolusyonaryong pahayagan ng mamamayan sa rehiyong Kamaynilaan-Rizal. Inilalathala ito ng NDF-MR.

Kaaya-ayang pangyayari ito para sa rebolusyonaryong kilusang propaganda sa sitwasyong todo-buhos ang paninira at *psywar* ng kaaway laban sa Partido Komunista ng Pilipinas at sa buong rebolusyonaryong kilusan.

Malaki ang maiaambag ng **Taliba** sa paglaban sa mga kontra-rebolusyonaryong kaisipan gayundin sa malawakang pagpapalaganap ng rebolusyonaryong mensahe, lalupa't nasa sentro ng tagisan ng sarisaring ideya ang rehiyon ng Kamaynilaan-Rizal.

"*Ngayon,*" anang editoryal ng pahayagan, "*higit ang pangangailangang muling hawakan (ng **Taliba**) ang pluma ng pakikibaka at paagusin ang mensahe ng rebolusyonaryong kilusan sa pinakamalawak na hanay ng mamamayan sa rehiyon.*"

Bilang sandata ng rebolusyon, "*lilinangin (ng **Taliba**) ang sanlibu't isang tungkulin sa pakikibaka na kailangang sama-samang balikatin ng pinakamaraming mamamayan at ipunin sa iisang agos at kumpas ng pagsulong.*"

Sa "unang" labas ng pahayagan, binigyang pansin ang napakahalagang tungkulin sa pagpapalawak at konsolidasyon ng rebolusyonaryong pwersa at baseng masa sa sentrong rehiyon.

Para sa mga rebolusyonaryo, idiniin ng **Taliba** na dapat gampanan ng lahat ng rebolusyonaryo, laluna ng mga aktibista, ang pundamental na tungkuling mulatin sa rebolusyon ang pinakamalawak na masa ng sambayanan.

Kasabay nito, nanawagan ang dyaryo na mapangahas na palitawin at payabungin ang ilanlibung rebolusyonaryong aktibista na aako sa sanlibu't isang tungkulin tungo sa ganap na tagumpay ng rebolusyon. [Basahin ang artikulo sa p. 8.]

Inilinaw rin ng pahayagan ang ilang saligang punto sa pakikidigmang partisano na isinusulong sa pangunahin ng Alex Boncayao Brigade (ABB) sa Kamaynilaan-Rizal.

"*Ang pakikidigmang partisano ng ABB ay integral na bahagi ng pakikibakang pampulitika sa Kamaynilaan at ekstensyon ng digmang bayan sa buong bayan. Tungkulin ng ABB na bigyan ng armadong lakas ang hayag na pakikibaka ng mamamayan sa rehiyon at ipagtanggol sa armadong panunupil ng kaaway.*"

"*Mga pili at istratehikong target*" lamang ang pupuruhan ng ABB, anang **Taliba**.

Sa ngayon, ang ABB ay nakapagbuo na ng kumprehensibong makinaryang may kakayahang isustine ang pakikidigmang partisano sa punong lunsod.

Patunay ng ganitong pag-unlad ang pagputok ng 26 na operasyong partisano sa unang kwarto ng 1990. Ayon sa **Taliba**, nalipol ang 33 kaaway ng masa at nasamsam ang 14 na malalakas na kalibreng riple (HPR) at *handguns*.

Dalawang beses namang nagdaos ng *lightning rally* ang mga partisano't simpatisador bilang paggunita sa mahahalagang araw sa armadong

pakikibaka. Ang una'y sa EDSA Central, Crossing, Mandaluyong noong Marso 29, anibersaryo ng NPA. Ang ikalawa ay sa Avenida, Sta. Cruz noong Mayo 23 ng gabi, bisperas ng ikaanim na anibersaryo ng ABB.

Ang **Taliba ng Bayan** ay may magiting na kasaysayan noong panahon ng diktadurang US-Marcos. Sa pinakamalagim na mga taon ng diktadura, ang Taliba ang isa sa mga rebolusyonaryong pahayagang bumasag sa kilabot ng pasismo. Pansamantalang naputol ang paglalabas nito noong 1986 dulot ng ilang suliranin at limitasyon.

## DAANG LIBONG AKTIBISTA,
## ISANG LIBO'T ISANG TUNGKULIN

*Ito'y pinaikling bersyon ng isang artikulo mula sa* **Taliba ng Bayan***. Inilalabas namin ito dahil sa napapanahong nilalaman at panawagan nito sa ating hanay. Pana-panaho'y sadyang naglalabas kami ng ganitong "bisitang artikulo." -- Editor*

Ang tanong at ang hamon ay kung magagawa ba nating sa loob ng dekada nobenta na pukawin, organisahin at pakilusin ang milyun-milyong mamamayan -- ang mayorya ng sambayanan -- sa bandila ng demokratikong rebolusyon ng bayan.

Ang tanong at ang hamong ito'y para sa mga rebolusyonaryong aktibista. Sapagkat sa balikat ng mga aktibista pangunahing nakaatang ang buong bigat ng pagpapalahok sa malawak na masa ng sambayanan para sa rebolusyong Pilipino.

### *Ang ating mga tungkulin*

Tayong mga rebolusyonaryong aktibista ang pinakamalapit at direktang ugnay ng rebolusyonaryong kilusan sa masa -- sa mga manggagawa sa mga unyon, sa mga magsasaka sa mga baryo, sa mga maralita sa mga komunidad, sa mga istudyante sa mga iskwelahan, at sa mga gitnang uri sa mga lugar ng kanilang hanapbuhay.

Tayong mga aktibista ang mensahero ng rebolusyonaryong simulain, ang organisador ng rebolusyonaryong lakas ng masa, at ang makinarya ng isang libo't isang tungkulin sa rebolusyonaryong pakikibaka. Tayo ang gulugod ng rebolusyon.

Kung tagumpay ang ating tinatanaw, gaano kabigat ang tungkuling dapat nating balikatin? Ilarawan natin sa ganitong paraan:

Humigit kumulang ay 60 milyon ang populasyon ng bansa. Menos ang populasyong bata, ang pinag-aagawan ng rebolusyon at kontra-rebolusyon ay mga 30 milyong mamamayan. Sa minimum, kailangang aktibong mapakilos para sa rebolusyon ang kalahati nito o 15 milyon.

Kung 15 milyon ang kailangang aktibong mapalahok sa rebolusyon, ilang aktibista ang kailangang mapalitaw sa buong kapuluan? Kung sa minimum ay 15 katao para sa isang aktibista, isang milyong aktibista ang kailangan sa buong kapuluan upang maipagtagumpay ang rebolusyon.

Dito sa rehiyon, kung sa ganito ring kwentada, kailangan natin ang sandaang libong aktibista para kabigin ang isa't kalahating milyong mamamayan. Kung mula ngayon ay simpleng dodoblehin taun-taon ang bilang ng mga rebolusyonaryong aktibista, makukuha natin sa unang hati ng dekada ang gayong target.

Bukod dito, maaaring pakyawang mapukaw ang malawak na bilang ng mga mamamayan bunga ng isang pambihirang sitwasyon, kaparis ng mga karanasan noong Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970 at Asasinasyong Aquino noong 1983.

***Saligang pamantayan sa aktibista***

Ngayon, muling nahihinog ang kalagayan para sa malakihang pagsulong. Sa pagkakataong ito, mahalagang matiyak na kayang saluhin ng rebolusyonaryong kilusan ang bagong henerasyon ng mga rebolusyonaryong pwersang iluluwal ng sitwasyong inilalatag ng kasalukuyang dekada. Sentral dito ang usapin ng pagpapalitaw ng mga aktibista.

Ang kailangan natin ngayon ay hindi abstrakto, pormalista at konserbatibong mga pamantayan sa pagiging aktibista. Ito ang isang aral na mahahalaw sa mga eksepsyunal na sitwasyong gaya ng 1970 at 1983.

Ang mga ispontanyong pwersang iniluwal ng Sigwa ng 1970 na tumindig sa "radikal" na posisyon ng rebolusyonaryong kilusan laban sa "moderatong" posisyon ng mga repormistang pwersa ay agad na ipinaloob sa mga pambansa-demokratikong samahan at binigyan ng mga tungkulin bilang mga aktibista ng rebolusyon.

Noong 1983, ang mga ispontanyong pwersang iniluwal ng agos ng kilusang antidiktadura at nagmartsa sa ilalim ng pulang bandila ng islogang "Lansagin ang diktadurang US-Marcos" kaiba sa mga dilawang islogan ng mga anti-Marcos na pulitiko ay agad na binigyan ng mga tungkulin sa rebolusyonaryong kilusan bilang mga aktibista.

Ang mapagpasya sa pagiging rebolusyonaryong aktibista ay ang kahandaang tumanggap ng malinaw at regular na tungkulin sa rebolusyonaryong kilusan. Hindi ang pormal na kursong pampulitika na natapos, hindi ang pagpapaloob sa isang aktwal na lihim na kolektibo, hindi ang pormal na pagpapahayag ng pagsang-ayon sa

armadong pakikibaka.  Ang lahat ng ito'y bahagi ng konsolidasyon at isang proseso ng pag-unlad.

Sinumang pumapanig sa interes ng sambayanan, lumalaban sa mga kaaway ng sambayanan, at nakakaunawa na ang saligang problema ng sambayanan ay ang imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo ay isang rebolusyonaryo.  Sinumang may ganitong paninindigan at aktibo't mulat na kumikilos upang wakasan ang saligang mga salot na ito sa lipunan ay isang rebolusyonaryong aktibista.  Ito ang ating saligang pamantayan sa isang rebolusyonaryong aktibista.

### ***Pangibabawan ang kahinaan, sumulong sa tagumpay***

Paano natin palilitawin ang bata-batalyong hanay ng mga rebolusyonaryong aktibista?  Susi rito ang pangingibabaw sa kasalukuyang mga problema sa pagpapalawak, pagpapakilos at pagpapaunlad ng masa.

Pangunahing suliranin sa ating gawaing masa ang kasalatan sa edukasyon, propaganda at ahitasyong pampulitika sa hanay ng mamamayan at sa atin mismong baseng masa.

Ganap na imposibleng maramihan at mabilisang mapalitaw ang mga rebolusyonaryong pwersa kung hindi natin itutuon ang pangunahing atensyon at mas malaking panahon sa rebolusyonaryong ahitasyon, propaganda at edukasyon. Para rito, kailangang itaas ang antas pampulitika ng mga aktibistang aako sa responsibilidad na ito.

Ikalawa ay ang problema ng pagbibigay ng mga rebolusyonaryong tungkulin sa masa at pagpapalarga sa kanilang inisyatiba.  Sa ngayon, parang iilan lang ang mga rebolusyonaryong tungkuling naihahanay natin sa masa.  Naiipon pa ang mga ito sa iilang pwersa.

May isang libu't isang tungkulin sa rebolusyonaryong pakikibaka. Mayroon tayong ilampung libong pwersang naghihintay lang na linawin at ipagkatiwala sa kanila ang mga tungkuling ito.  Ang bawat elementong kumbinsido sa pangangailangan ng rebolusyon ay may kanya-kanyang kakayahang maiaambag sa rebolusyon.  Kailangan lang alamin ang samutsaring kakayahang ito ng masa at ibigay sa kanila ang nababagay na rebolusyonaryong tungkulin.

Ikatlo'y ang pagpapakitid sa kilusang rebolusyonaryo sa lunsod sa pag- aakalang ito'y ang kilusang lihim lamang.  Nangyayaring mismong ang rebolusyon ay "naililihim" natin sa malawak na masa.

Nagbubunga ito ng tendensyang pahigpitin ang pamantayan sa

aktibista na ikinakahon sa kilusang lihim. Nagiging rekisito ang lihim na mga pag-aaral, pormal na pagtanggap sa armadong pakikibaka at pagpaloob sa lihim na grupo bago ibilang ang masa na isang aktibista.

Ang mga problemang nabanggit ay nagreresulta sa atrasadong pagkamulat ng masa na matagal nang nasa ating pamumuno't impluwensya. Sa mabagal na pagrekluta ng mga aktibista. At matamlay na rebolusyonaryong inisyatiba ng masa.

Kung ang hangad nati'y pabilisin ang pagsulong ng rebolusyon, ang pangunahing paraan ay pabilisin ang pagmumulat sa masa sa rebolusyon! Huwag itong padaanin sa pasikut-sikot ng mga payugtu-yugtong proseso ng pagmumulat. Ipaliwanag natin sa masa ang rebolusyon, ipaliwanag sa mapanlikha't mapangahas na paraan, at lubos na magtiwala sa kanilang kakayahang magrebolusyon.